Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

MIYERKULES NG ABO

Ang Simula ng Espirituwal na Paglalakbay

Sa tulong ng Espiritu Santo, sinisimulan natin ngayon ang paglalakbay tungo sa isang tapat na pagbabalik-loob at muling pagkilala sa mga implikasyon sa ating pang araw-araw na buhay ng ating mga pangako sa Binyag.

At sa pagsisimula natin ng Panahon ng Kuwaresma, ang panawagan para sa pagbabalik-loob na isinasagisag ng paglalagay ng abo sa ating mga noo ay nagiging higit na matunog at malinaw. Ito'y panawagan para sa pagsisisi, pagdarasal na nakaugat sa pananampalataya, pagtalikod sa kabantugan at anumang anyo ng karangyaan. Ang araw na ito – Miyerkules ng Abo – ay marapat na maging "pagbabalik sa mga mahalagang batayang" maghahanda sa atin para sa pakikibahagi sa Muling Pagkabuhay ni Kristo.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Minamahal mo ang tanan, walang kinapopootan sa sinumang umiiral. Pinatatawad mong tunay ang sala nami't pagsuway.

(Kar 11:24-25.27)

Pagbati

***P*– Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!**
***B*– Amen!**
***P* –Pagpalain ang Panginoong nananawagan para sa pagbabalik-loob ngayong nagsisimula tayo ng Panahon ng Kuwaresma. Sumainyong lahat ang Kanyang pagpapala't kapayapaan!**
***B* –At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

(Kapalit ng Pagsisisi sa simula ng Misa ang paglalagay ng abo kasunod ng Pagpapahayag ng Salita ng Diyos.)

Panalanging Pambungad

***P*–Ama naming makapangyarihan, ipagkaloob mong masimulan namin ngayon sa banal na pagkukusang magtiis ng kagutuman ang pakikipagtunggalian bilang mga kapanig ni Kristo. Sa aming pagsugpo sa mga salungat sa pamumuhay sa Espiritu, maging amin nawang sandata ang pagtitimpi sa sarili sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**
***B* –Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Joel 2:12-18***

Sa ganitong "liturhiya ng pananaghoy," inaanyayahan ng propetang si Joel ang kanyang mga kababayan at tayo na rin para sa isang tapat na pagbabalik-loob, pag-aayuno, at panalanging nagsusumamo. Ito'y magbubunga kung magtitiwala tayo sa habag ng Panginoon at tapat na magbabalik-loob sa Kanya.

***L*–Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Joel**

Sinabi ngayon ng Panginoon: "Mataimtim kayong magsisi at manumbalik sa akin, kayo'y mag-ayuno, manangis, at magdalamhati. Magsisi kayo nang taos sa puso, hindi pakitang-tao lamang."

Magbalik-loob kayo sa Panginoon na inyong Diyos. Siya'y may magandang-loob at puspos ng awa, mapagpahinuhod at tapat sa kanyang pangako; laging handang magpatawad at hindi magpaparusa. Maaaring lingapin kayo ng Panginoon at bigyan ng masaganang ani. Kung magkagayon, mahahandugan natin siya ng haing butil at alak.

Ang trompeta ay hipan ninyo, sa ibabaw ng Bundok Sion; iutos ninyo na mag-ayuno ang lahat. Tawagin ninyo ang

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

mga tao para sa isang banal na pagtitipon. Tipunin ninyo ang lahat, matatanda't bata, pati mga sanggol at maging ang mga bagong kasal. Mga saserdote, kayo'y tumayo sa pagitan ng pasukan at ng dambana, manangis kayo't manalangin nang ganito: "Mahabag ka sa iyong bayan, O Panginoon. Huwag mong tulutang kami'y hamaki't pagtawanan ng ibang mga bansa at tanungin, 'Nasaan ang inyong Diyos?' "

Pagkaraan, ipinamalas ng Pa-nginoon na siya'y nagmamalasakit sa kanyang bayan.

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 51***

B –Poon, iyong kaawaan kaming sa 'yo'y nagsisuway!

R. M. Velez



*** Ako'y kaawaan, O mahal kong Diyos, sang-ayon sa iyong kagandahang-loob; mga kasalanan ko'y iyong pawiin, ayon din sa iyong pag-ibig sa akin! Linisin mo sana ang aking karumhan at ipatawad mo yaring kasalanan!** ***B.***

*** Ang pagsalansang ko ay kinikilala, laging nasa isip ko at ala-ala. Sa iyo lang ako nagkasalang tunay, at ang nagawa ko'y di mo nagustuhan.** ***B.***

*** Isang pusong tapat sa aki'y likhain, bigyan mo, O Diyos, ng bagong damdamin. Sa iyong harapa'y h'wag akong alisin; ang Espiritu mo ang papagharii-in.** ***B.***

*** Ang galak na dulot ng 'yong pagliligtas, ibalik at ako ay gawin mong tapat. Turuan mo akong makapag-salita, at pupurihin ka sa gitna ng madla."** ***B.***

Ikalawang Pagbasa

2 Cor 5:20–6:2

Dapat na maging palagian tayong nakalaan para sa pagbabalik-loob sa Diyos. Lalo na sa araw na tulad ngayong pinagkakalooban tayo ng saganang biyaya ng Diyos, tulad ng paalaala sa atin ni San Pablo sa siping mapapakinggan natin ngayon.

***L* –**Pagbasa mula sa Ikalawang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid: Ako'y sugo ni Kristo; parang ang Diyos na rin ang namamanhik sa inyo sa pamamagitan ko: makipagkasundo kayo sa Diyos.

Hindi nagkasala si Kristo, ngunit dahil sa atin, siya'y ibinilang na makasalanan upang makipag-isa tayo sa kanya at mapabanal sa harapan ng Diyos sa pamamagitan niya.

Yamang kami'y mga katulong sa gawain ng Diyos, ipinamamanhik namin sa inyo na huwag ninyong sayangin ang pagkakataong ibinibigay sa atin ng Diyos. Sapagkat sinasabi niya: "Sa kaukulang panahon ay pinakinggan kita, sa araw ng pagliligtas, sinaklolohan kita."

Tingnan ninyo! Ngayon na ang panahong nararapat! Ngayon ang araw ng pagliligtas!

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

Awit-pambungad sa Mabuting Balita

B –(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)
Kapag ngayo'y napakinggan ang tinig ng Poong mahal, huwag na ninyong hadlangan ang pagsasakatuparan ng mithi niya't kalooban.
(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)

Mabuting Balita ***Mt 6:1-6.16-18***

Ang karangyaan at pagkukunwari ay patuloy na tukso sa lahat. Sa araw na ito, binabalaan tayo ni Hesus laban sa gayong panganib, at mapilit tayong ginaganyak na gawin ang tama at nang may mabuting hangarin.

***P* –**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
***B* – Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: "Pag-ingatan ninyo na huwag maging pakitang-tao lamang ang paggawa ninyo ng mabuti. Kapag ganyan ang ginawa ninyo, wala kayong matatamong gantimpala buhat sa inyong Amang nasa langit.

Kaya nga, kapag naglilimos ka, huwag mo nang ipagmakaingay ito, katulad ng ginagawa ng mga mapagpaimbabaw doon sa sinagoga at sa mga lansangan. Ginagawa nila ito upang purihin sila ng mga tao. Sinasabi ko sa inyo: tinanggap na nila ang kanilang gantimpala. Ngunit kung naglilimos ka, huwag mo nang ipaalam ito kahit sa iyong pinakamatalik na kaibigan upang malihim ang iyong paglilimos. At gagantihin ka ng iyong Amang nakakikita ng kabutihang ginagawa mo nang lihim.

At kapag nananalangin kayo, huwag kayong tumulad sa mga mapagpaimbabaw. Mahilig silang manalangin nang patayo sa mga sinagoga at sa mga panulukang-daan, upang makita ng mga tao. Sinasabi ko sa inyo: tinanggap na nila ang kanilang gantimpala. Ngunit kapag mananalangin ka, pumasok ka sa iyong silid at isara mo ang pinto. Saka ka manalangin sa iyong Amang hindi mo nakikita, at gagantihin ka ng iyong Amang nakakikita ng kabutihang ginagawa mo nang lihim.

Kapag nag-aayuno kayo, huwag kayong magmukhang malungkot, tulad ng mga mapagpaimbabaw. Hindi sila nag-aayos upang malaman ng mga tao na sila'y nag-aayuno. Sinasabi ko sa inyo: tinanggap na nila ang kanilang gantimpala. Kapag ikaw ay nag-aayuno, mag-ayos ka ng buhok at maghilamos upang huwag mapansin ng mga tao na nag-aayuno ka. Ang iyong Amang hindi mo nakikita ang siya lamang nakaaalam nito. Siya, na nakakikita ng kabutihang ginagawa mo ng lihim, ang gaganti sa iyo."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!
***B* –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Pagbabasbas at Paglalagay ng Abo sa Noo

***P*–** Minamahal na mga kapatid, manalangin tayo sa Amang Maykapal upang ang abong sa noo natin ilalagay para ipahiwatig ang pagbabagong buhay ay marapatin niyang gawaran ng kanyang pagpapala at malaking pagmamahal. *(Pagkapanalanging matahimik, isusunod ito.)*

Ama naming mapagmahal, ang iyong ikinasisiya ay hindi ang kamatayan ng masamang tao kundi ang kanyang pagsisisi at pagbabagong-buhay. Dinggin mo kami sa aming pagluhog na iyong marapating basbasan ang abong ito (+) na aming ilalagay sa aming noo bilang pagkilalang ito ang aming pinanggalingan at ito rin sa wakas ang aming babalikan upang ang kapatawaran ay aming makamtan sa pagganap namin nitong apatnapung araw na paghahanda para sa Pasko ng Pagkabuhay na siyang pakikihati namin sa iyong Anak sa kanyang bagong buhay at tagumpay sapagkat siya ang namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

(Tahimik na bebendisyunan ng pari ang abo. Lalagyan niya ng abo ang bawat dumudulog habang kanyang sinasabi:)

Magbagong-buhay ka at sa Mabuting Balita sumampalataya.

Mc 1:15

o kaya:

Alalahanin mong abo ang iyong pinanggalingan at abo rin sa wakas ang iyong babalikan.

Gen 3:19

(Habang inilalagay ang abo, kinakanta ang isa sa mga antiponang ito o alinmang nararapat na awitin.)

Antipona 1 ***Joel 2:13***

Magsisi tayong mataos, halinang magbalik-loob sa mapagpatawad na Diyos, gutom tayong manikluhod nang may abo't sakong suot.

Antipona 2 ***Joel 2:17; Est 13:17***

Sa pagitan ng pasukan at dambana ng simbahan, saserdote'y mag-iyakan: Panginoon, iyong bigyan ng patawad ang 'yong bayan.

Antipona 3 ***Salmo 51:3***

Ang amin pong kasamaan ay pawiin mong tuluyan, Panginoon naming mahal, patawad ang kahilingan ng iyong bayang hinirang.

Sagutang Awit *Bar 3:2*

Kami'y nagbagong buhay upang aming paghandaan ang oras ng kamatayan. Panginoon, iyong bigyan ng patawad ang 'yong bayan.

***B*–Kami'y iyong kahabagan, Poon, kami ay tulungan alang-alang sa 'yong ngalan. Panginoon, iyong bigyan ng patawad ang 'yong bayan.**

***L*–Panginoon, iyong bigyan ng patawad ang 'yong bayan!**

Panalangin ng Bayan

***P*–** Sa pagsisimula natin ng Panahon ng Kuwaresma, alalahanin natin ang ating mga kapintasa't pagkukulang, ang karahasan ng tukso, at ang pangangailangan natin sa tulong ng Diyos. Manalangin tayong:

***B*–Baguhin Mo ang aming puso, O Panginoon!**

* Upang ang Simbahan ay walang takot na manawagan sa lahat para sa pagbabalik-loob at mag-akay sa kanila sa pamamagitan ng kanyang halimbawa, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Upang lahat ng ating mga pinunong pang simbahan at pambayan ay magdulot ng inspirasyon sa pamamagitan ng kanilang kababaang-loob, kalinisan, at katapatan, malangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Upang lahat ng mga magulang, guro, at katekista ay makapagpunla sa kabataan ng katapatan sa tungkulin na hatid ng layuning matuwid at marangal, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Upang lahat ng nang-aapi sa kapwa sa pamamagitan ng kanilang kapusukan, kasakiman, at kalupitan ay magtigil na sa kanilang masasamang gawi at matutong gumalang at magmahal sa kanilang kapwa, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Upang lahat tayo'y magsimula sa Kuwaresmang ito nang buong kababaang-loob, nagsisisi sa ating mga kasalanan, at may kapasiyahang magbagong-buhay, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Upang ang lahat ng pamilyang hindi nagkakasundo ay makatagpo ng lunas sa kanilang mga sugat sa pamamagitan ng kapatawaran, pagtuklas sa yamang panloob na taglay ng bawa't isa, sa kabila ng kanilang nagkakaibang pananaw, manalangin tayo! ***B.***

P –Panginoong Diyos, sa Iyo'y dumudulog kaming nagsisisi sa aming mga kasalanan at tapat na naghahangad ng pagbabago sa puso at isipan. Nawa ang aming buhay ay tuwinang maging pagbibigay-puri sa Iyo. Sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

***B*–Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*–** Manalangin kayo . . .

***B*–Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, ginaganap namin ang paghahaing ito bilang maringal na pasimula sa apatnapung araw na paghahanda. Ang aming kusang pagtitiis at pagmamalasakit ay makapagpadalisay nawa sa aming masasamang hilig upang kami'y pagindapating makinabang sa iyong Anak na para sa ami'y nagpakasakit bilang aming Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B **–Amen!**

Prepasyo

P –Sumainyo ang Panginoon!

B **–At sumaiyo rin!**

P –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B **–Itinaas na namin sa Panginoon!**

***P*–** Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

***B*–Marapat na siya ay pasalamatan!**

***P*–**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sa aming kusang pagtitiis ng hirap, tinutulungan mong aming maitumpak ang kinamihasnang pagsalungat sa pananagutang iyong iniatas. Sa aming pagtulad sa Anak mong mahal na nagpakasakit para sa tanan, ang pagsisikap nami'y iyong kinalulugdan at ang pagpapakabuti nami'y iyong ikinararangal.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B **– Santo, santo, santo, Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B **– Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

PAKIKINABANG

B **– Ama namin . . .**
P **–** Hinihiling namin . . .
B **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B **– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P **–** Ito si Hesus na tumatawag sa 'ting talikuran ang kasalanan at magbalik sa kanya. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B **– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Aani ng kasiyahang bungang pakikinabang ang nagsasaalang-alang sa utos ng Poong mahal sa maghapon araw-araw.

(Sal 2-3)

Panalangin Pagkapakinabang

P **–** Ama naming mapagmahal, ang pinagsaluhan namin ay amin nawang pakinabangan sa pagkakamit ng dulot na kagalingan ng kagutumang kusa naming pinagtitiisan at iyong kinalulugdan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B **– Amen!**

PAGWAWAKAS

P **–** Sumainyo ang Panginoon.
B **– At sumaiyo rin!**

P **–** Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.
B **– Amen!**

P **–** Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.
B **– Salamat sa Diyos!**

I-FLEX MO LANG, 'TOL!

Kalakbay at Katoto

Sabi nila, 60 bilyon daw ang numero ng *pictures* na kinukuha ng mga tao sa loob ng isang taon. Iisa lamang ang dahilan kung bakit panay ang kuha ng mga Kabataan (at tanders!) ng mga pics. Wala nang iba kundi para i-*post* sa Facebook, IG o TikTok!

Meron pang mga bagong salitang naimbento ang mga bagets … *Flex* ko lang ito! (ang *caption* sa *photo*). Meron pa silang nalalamang *"humble bragging"* daw! Nagyayabang pero, *take note* … *humble* naman! (clap, clap, clap!)

Sa nakaraang 20 taon, meron ding katulad nito ang mga tanders … *Pictures* ng *"blessings"* (kuno) galing kay Lord … bagong bahay, bagong SUV, bagong *gadget,* o *laptop,* o motorsiklo para gamitin ng mga nangangarap maging Superman sa Marilaque!

Teka, teka! Di ba ito rin ang sabi ni Propeta Joel? "Ang trompeta ay hipan Ninyo, sa ibabaw ng bundok Sion!" Parang sinabi niya: "I-*flex* nyo ang inyong pag-aayuno!" Pero teka, teka muli. Hindi! Hindi *pictures* and dapat i-*flex*. Hindi *praise release* ang dapat ipalaganap, at lalung hindi *fake news* at *false narratives.* Hindi yabang! At walang kinalaman sa pagiging Bratinello o Bratinella!

Pokus lang tayo sa gawa, hindi salita. Ito ang ibig sabihin ni Joel. Ang Kwaresma ay hindi paimbabaw na pag-iwas lamang sa siken jyoy, o sa Istarbuko kopi, o ang pagpapakita ng tatak ng krus sa noo. Ang Kwaresma ay tawag sa kabanalan na siyang dapat nasa likod ng pag-iwas sa anumang masarap at mahal.

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

At paano natin i-feflex ang kabanalan? Malinaw! Sa pamamagitan ng panalangin, pag-aayuno, at pagkakawang-gawa para sa mga nangangailangan. Ano ang batas? Hindi POST-IT. Hindi rin FLAUNT IT. Kundi *(just)* DO IT! Gawa, hindi *pictogram,* hindi *meme,* at lalung hindi lang salita.

Ang Panahon ng Kuwaresma

1. Ang panahon ng ***Kuwaresma*** ay dating itinakda ng Simbahan bilang ***paghahanda para sa Bautismo*** na ipinagdiriwang sa Bisperas ng Pasko ng Muling Pagkabuhay. Nang malaunan, iyo'y naging panahon ng ***pagsisisi sa kasalanan ng lahat ng manan-ampalataya*** bilang paghahanda para sa Pasko ng Muling Pagkabuhay.
2. Ang panahon ng ***paghahanda para sa Pasko ng Muling Pagkabuhay,*** noong una, ay tumatagal nang ***tatlong linggo,*** na siyang tumutugon sa ating ika-3, ika-4, at ika-5 linggo ng Kuwaresma. Pagkatapos ay may nadagdag na ***dalawa pang linggo:*** ang atin ngayong una at ika-2 linggo ng Kuwaresma. At nang malaunan pa, ***apat na araw*** pa ang nadagdag kaya nagsisimula ang Panahon ng Kuwaresma sa Miyerkules ng Abo tulad ngayon. Nagkagayon upang mabuo ang ***40 araw*** ng pag-aayuno, palibhasa walang pag-aayuno kung araw ng Linggo.

3. ***Ang paggunita sa Pagpapakasakit, Kamatayan, at Muling Pagkabuhay ni Kristo*** ay taunang ginagawa ng Simbahan mula pa noong araw. Noong una, ang paggunita ay tumatagal nang ***tatlong araw*** lamang: Biyernes, Sabado, at Linggo. Nang malaunan, ito'y pinahaba hanggang sa maging ***isang linggo na*** at siya ngayong tinatawag na ***Mahal na Araw*** o ***"Semana Santa,"*** na tinatampukan ng *"Banal na Tatlong Araw" – Huwebes Santo, Biyernes Santo, Sabado de Gloria, at Pasko ng Muling Pagkabuhay.*
4. Sa mahabang panahon, ***ang pag-aayuno at abstinensiya*** ay ibinilang sa mga pinakamabubuting paraan ng pagpepenitensiya. Ngunit dahil sa mga pagbabago sa mundo ngayon, hindi na ito ipinag-uutos ng Simbahan, maliban sa ***Miyerkules ng Abo at Biyernes Santo.*** Tinutulutan na tayong mamili ng paraan ng pagpepenitensiya ayon sa kaangkupan sa sari-sarili nating kundisyon.